# KAPASIYAHAN BLG. 2023-30

**"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 08, H-2022 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG MALAMIG, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG WALONG DAAN WALUMPU'T LIMANG LIBO, LIMANG DAAN APAT NA PISO AT WALUMPUNG SENTIMO (PHP885,504.80)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Malamig para sa kanilang Annual Budget na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng PhP885,504.80;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga kabataan ng Malamig at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Malamig ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 08, H-2022 ng Sangguniang Kabataan Malamig, Bustos, Bulacan na nauukol sa taunang laang gugulin o *annual budget* para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Walong Daan Walumpu't Limang Libo, Limang Daan Apat na Piso at Walumpung Sentimo (PhP885,504.80).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ■ ——

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim